San Francisco Department of Public Health

Mga Tip

Sheet ng Mga Tip para sa Pagpapatakbo Outdoors: Mga Personal na Serbisyo

NA-UPDATE NOONG Oktubre 27, 2020

Ang sumusunod na Sheet ng Mga Tip ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) batay sa mga rekomendasyon mula sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ng US at naka-post ito sa https://www.sfcdcp.org. Maaaring magbago ang sheet ng TIP na ito kasabay ng pagbabago sa kaalaman, transmisyon sa komunidad, at pagiging available ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE) at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga provider ng outdoor na Personal na serbisyo, kasama ang mga hair salon, barber shop, nail salon, massage (sa isang setting na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan), esthetician, pangangalaga sa balat, at serbisyo sa cosmetology.

BACKGROUND: Noong Oktubre 27, 2020, inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ang Direktiba Blg. 2020-23b na nagpapahintulot at nagbibigay ng gabay para sa Mga Outdoor na Personal na Serbisyo at binagong Appendix C-1 Mga Karagdagang Negosyong Pinapahintulutang Magpatakbo. Ibinubuod ng dokumentong ito ang mga pangunahing item na nangangailangan ng pagkilos at kasama rito ang Mga Tip para sa mga outdoor na espasyo. Ang lahat ng provider ng personal na serbisyo ay dapat sumunod sa lahat ng pang-estado at lokal na regulasyon.

Mga pangunahing pagbabago mula sa mga naunang bersyon:

- Nagbibigay ang na-update na Sheet ng TIP na ito ng mga pinakamahusay na kagawian para sa Mga Provider ng Outdoor na Personal na Serbisyo na nag-aalok ng mga serbisyong nangangailangan ng pag-aalis sa pantakip sa mukha ng kliyente. hal. mga facial, pag-aalis ng buhok, o mga pag-trim ng balbas.
- Inaatasan ang mga provider na magsuot ng proteksyon sa mata at N95 respirator (mas kilala bilang N95 mask) habang nagbibigay ng mga serbisyong nangangailangang alisin ng kliyente ang kanyang pantakip sa mukha.
- Lubos na nagrerekomenda sa mga provider na magsuot ng proteksyon sa mata kapag nagbibigay ng mga serbisyong nangangailangang nasa loob ng tatlong talampakan ang layo ng provider at kliyente sa isa't isa sa loob ng mahigit 15 minuto o kapag nagbibigay ng mga serbisyong ginagawa sa paligid ng ulo at leeg.
- Ang proteksyon sa mata at iba pang PPE ay maaaring makuha nang libre mula sa Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Lakas-Paggawa ng San Francisco.
- Pakisunod ang mga pinakamahusay na kagawiang ito para ikaw, ang iyong mga kliyente, at ang iyong mga tauhan ay manatiling mas ligtas.

Paano Kumakalat ang COVID-19?

Ayon sa aming kasalukuyang pagkakaunawa, kadalasang naikakalat ang COVID-19 mula sa isang tao patungo sa isa pa sa hangin sa pamamagitan ng mga droplet na may virus sa hininga ng isang taong may COVID-19. Humahalo ang mga droplet na ito sa hangin kapag nag-exhale (bumuga ng hangin) ang isang

tao, kabilang kapag nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing siya. Posibleng walang anumang sintomas ang mga taong may COVID-19 at nakakapagbuga pa rin sila ng mga droplet na may virus.

- Kung minsan, tinatawag na “ballistic droplet” ang mas malalaking droplet dahil ang mga ito ay kumakalat sa mga tuwid na linya at hinihila pababa ng gravity. Mahahawahan ang mga taong nasa malapit, na karaniwang sa loob ng 6 na talampakan, kapag nalanghap nila ang mga droplet na ito o kapag napunta ang mga droplet sa kanilang mata, ilong, o bibig.
- Maaaring lumutang sa hangin ang mas maliliit na droplet o particle na may nakakahawang virus sa loob ng isang partikular na panahon at/o maaari itong kumalat nang lampas sa 6 na talampakan sa mga indoor na daloy ng hangin, lalo na sa mga kulob na lugar na may hindi magandang bentilasyon. Nahahawahan ang mga taong nasa iisang lugar kapag nalanghap nila ang mas maliliit na droplet at particle na ito o kapag napunta ang mga droplet o particle sa kanilang mata, ilong, o bibig – kahit na mahigit 6 na talampakan ang layo nila sa isa't isa. Kung minsan, tinatawag na “aerosol” o “bioaerosol” ang mga droplet na ito.

Maaari ding kumalat ang COVID-19 kung hahawakan ng isang tao ang kanyang mata, ilong, o bibig pagkatapos humawak sa kontaminadong surface (na kilala din bilang fomite), gayunpaman, hindi ito gaanong pangkaraniwan.

Pangunahing Paraan ng Pag-iwas sa Covid-19

- **Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.** Kung walang magagamit na sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o 70% isopropanol.
- **Iwasan ang Malapitang Pakikisalamuha**. Sa abot ng makakaya, magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang social distancing sa pagitan mo at ng ibang taong hindi nakatira sa iyong Sambahayan.
- **Magsuot ng Pantakip sa Mukha.** Takpan ang iyong bibig at ilong gamit ang Pantakip sa Mukha kapag nasa mga pampublikong lugar at kapag nakikipag-ugnayan sa mga taong hindi nakatira sa iyong Sambahayan.
- Palaging **linisin at i-disinfect** **ang mga surface na madalas hawakan.**

Obserbahan ang Iyong Kalusugan Araw-araw. Maging alerto para sa mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, pangangapos ng hininga, o iba pang sintomas. Kung nakakaranas ka ng alinman sa mga sintomas na ito, manatili sa bahay.

Mga bakuna para sa trangkaso

Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa laban kontra COVID-19 dahil (1) napapanatiling malusog ang mga manggagawa at komunidad at (2) nababawasan ang kinakaharap ng ating pangangalagang pangkalusugan at mga sistema ng pagsusuring tumutugon sa COVID-19. **Lubos na hinihikayat na pabakunahan para sa trangkaso ang mga 6 na buwang gulang pataas.** Alamin kung paano makakuha nito sa www.sfcdcp.org/flu

Pinapayagan - Outdoors	Hindi Pinapayagan - Outdoors

• Mga pagpapagupit • Mga pag-trim ng balbas • Mga facial • Waxing at threading • Mga manicure at pedicure • Masahe (sa isang setting na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan)	• Pagpapa-shampoo • Lahat ng hair series na gawa sa kemikal kasama ang, ngunit hindi limitado sa permanent waving, relaxing, bleaching, tinting, coloring, dyeing, at straightening. • Electrolysis, tattooing, piercing, microblading, permanent make-up, at iba pang invasive na uri ng body art at nangangailangan ng kontroladong malinis na kapaligiran.

Kasama sa talahanayan sa itaas ang mga halimbawa ng mga serbisyo na maaaring isagawa outdoors at ang mga ipinagbabawal. Hindi komprehensibo ang listahang ito.

Mga Tip para sa Mga Establisimiyento, Provider, at Tauhan ng Mga Outdoor na Personal na Serbisyo

Isang buod ang sheet ng Tip na ito. Lubos na ipinapayong basahin ng Mga May-ari ng Negosyo ang Direktiba sa Pampublikong Kalusugan.

Suriin ang sumusunod:

- Suriin ang Tip Sheet for Safer Interactions During COVID-19 Pandemic (Sheet ng Tip para sa Mga Mas Ligtas na Pakikipag-ugnayan sa Panahon ng Pandemyang dulot ng COVID-19).
- Magbigay ng mga aprubadong disinfectant para sa mga paggamit laban sa COVID-19.
- Dapat itapon nang wasto ang lahat ng maruming tubig, mga hair clipping, at iba pang basura. Tingnan ang gabay sa programa sa pag-iwas sa polusyon sa tubig ng Komisyon ng Mga Pampublikong Utilidad ng San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC) sa Only Rain Down the Drain (Ulan Lang Ang Umaagos sa Daluyan ng Tubig)).
- Tingnan ang page na pag-iwas sa karamdaman dahil sa init ng Cal/OSHA para makabuo ng isang plano sa pag-iwas sa karamdaman dahil sa init.

Planuhin ang iyong espasyo

- Kunin ang lahat ng kinakailangang permit na kailangan mo para mapatakbo ang iyong serbisyo, kasama ang mga permit para gumamit ng anumang shared space.
- Posible kang makagamit ng mga tent, canopy, o iba pang outdoor na istruktura na may proteksyon sa araw at hangin. Bentilasyon ang susi sa pagpapabagal ng pagkalat ng COVID-19. Tingnan ang Mga Tip sa ibaba para sa Pagpapatakbo sa Mga Outdoor na Espasyo.
- Kung gumagamit ng mga fan, ingatan na huwag itutok ang daloy ng hangin sa isang customer papunta sa isa pa o sa sinumang nasa loob ng anim na talampakan mula sa establisimiyento.
- Maglaan ng mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay/pag-sanitize ng kamay para sa mga tauhan at customer.
- Maglaan ng walang butas na upuan o plastik na basket o paper bag para sa mga damit o gamit ng mga kliyente.

San Francisco Department of Public Health

Mga Tip

Mga Mandatoryong Kinakailangan sa Karatula

- Idagdag ang lahat ng karatulang nauugnay sa COVID-19 tulad ng iniaatas ng Seksyon 4.g at 4.h ng Kautusang Manatiling Mas Ligtas sa Bahay. Inilalarawan ang mga kumpletong pangangailangan sa karatula sa Direktiba 20-23b.
- Kasama sa Outreach Toolkit ang mga napi-print na resource na kinabibilangan ng karamihan sa mga karatulang kinakailangan o inirerekomenda upang makapagbukas ng Mga Personal na Serbisyo. Available ang lahat ng karatula tungkol sa wastong hygiene, social distancing, Mga Pantakip sa Mukha, pag-screen sa kalusugan, ang mga panganib ng indoor na paghawa, pagpapasuri, at pagpapabakuna para sa trangkaso.

Protektahan ang Mga tauhan at customer

- Magsagawa ng mga pagsusuri sa kahusayan ng pangangatawan para sa lahat—mga provider, tauhan, at customer—pagdating nila at bago sila pumasok sa espasyo. Pag-isipan ang paglalagay ng digital na form o palatanungan na masasagutan ng kliyente mo bago ang kanyang naka-iskedyul na appointment. Tanungin kung nagkaroon sila ng anumang sintomas ng COVID-19 sa loob ng nakalipas na 24 na oras.
- Isaalang-alang ang paggamit ng touchless na paraan ng pagbabayad. Hilingin sa mga customer na magbabayad ng cash na magdala ng eksaktong bayad.
- Dapat magsuot ang tauhan ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras. Kinakailangan ang proteksyon sa mata at/o guwantes kapag nagsasagawa ng mga partikular na serbisyo. Kinakailangang magsuot ng proteksyon sa mata at N95 mask ang mga tauhan kapag nagbibigay ng mga serbisyong nangangailangan ng pag-aalis ng pantakip sa mukha ng kliyente. Magbigay ng wastong Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protection Equipment, PPE) para sa lahat ng tauhan.

Sanitasyon

- Suriin ang direktiba para sa mga partikular na ipinag-aatas sa sanitasyon para sa COVID-19.
- Sundin ang lahat ng ipinag-aatas sa sanitasyon na partikular sa COVID-19 bukod pa sa mga karaniwang kinakailangan para sa iyong industriya. Dapat i-disinfect ang lahat ng kagamitan pagkatapos ng bawat kliyente. Kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa, mga upuan, mesa, suklay, brush, gunting, atbp
- Dapat labhan ang lahat ng linen pagkatapos ng bawat kliyente.
- Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay at pagkatapos ng bawat customer.
- Kung posible, dapat isaalang-alang ng Mga Provider ng Personal na Serbisyo ang pagpapalit ng sarili nilang damit pagkatapos ng bawat customer o pagsusuot ng scrubs o malinis, nalalabhan, o disposable na smock.

Pag-iiskedyul

- Magpanatili ng isang listahan ng mga iskeyul at appoitment ng iyong mga empleyado kung kinakailangan para sa contact tracing.
- Iiskedyul nang naaayon ang iyong mga kliyente. Maglaan ng sapat na oras sa pagitan ng mga customer, para malinis at ma-disfinfect nang husto ang mga lugar ng trabaho at kagamitan.
- Sa ilalim ng kasalukuyang gabay ng Estado, ang mga kliyente lang na nagpa-appointment ang dapat tanggapin ng Mga hair salon at barber shop at hindi dapat payagan ang mga walk-in.

- Isaalang-alang ang pag-aantala ng mga patakaran sa mahigpit na pagkansela para mahikayat ang mga may sakit na customer na manatili sa bahay. Ang mga customer na nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 ay dapat magkansela o magpaiskedyul ulit ng kanilang appointment. Tingnan ang direktiba para sa higit pang paglilinaw.
- Ang mga customer ay dapat payagang magpaiskedyul ulit nang walang singil, dahil sa mga sintomas ng Covid-19.
- Isaalang-alang ang pagbibigay ng serbisyo sa mas kaunting customer araw-araw o ang pagpapahaba ng mga oras ng pagpapatakbo para mabigyang-daan ang higit pang oras sa pagitan ng mga customer.

Contact Tracing

- Ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco, kasangga ng komunidad, pati na ng mga negosyo, ay tumutulong sa pagtukoy ng mga taong nagkaroon ng malapitang pakikipag-ugnayan sa lahat ng taong may COVID-19. Maaaring maipasa ng mga tao ang virus 48 oras bago pa sila magkaroon ng mga sintomas. Ang ilang tao ay hindi nagkakaroon ng mga sintomas ngunit maaari pa ring makapagpasa ng virus. Maaari tayong makatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng contact tracing na nakakatulong na matukoy ang mga taong posibleng nalantad dito at pagtulong sa kanila na mag-quarantine upang hindi nila aksidenteng maikalat ang sakit. Ginagawa namin ito sa tuwing may outbreak ng mga nakakahawang sakit tulad ng tigdas, tuberculosis, at iba pa, upang maprotektahan ang kalusugan ng komunidad.
- Tumulong na tiyakin ang kalusugan ng iyong mga tauhan, mga kliyente, at ating komunidad. Panatilihin ang attendance/mga iskedyul ng lahat ng tauhan sa iyong organisasyon sa loob ng hanggang tatlong linggo. Inirerekomendang magpanatili ang mga organisasyon ng listahan ng mga kliyenteng pumapayag na boluntaryong ibigay ang kanilang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan [o pahintulot upang panatilihin ang impormasyon ng kanilang credit card] para sa mga layunin ng contact tracing. Dapat na itapon ang anumang listahan pagkalipas ng tatlong linggo. Hindi na kinakailangang magbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ang mga suking customer.
- Kung may Tauhan o kliyenteng magpopositibo sa COVID-19, dapat tulungan ng organisasyon ang Departmento ng Pampublikong Kalusugan sa pagtukoy sa iba pang tauhan o kliyenteng posibleng nalantad.
- Takpan ang iyong mukha, magpasuri nang maaga, at mag-trace! Matuto pa sa https://covid19.ca.gov/contact-tracing

Mga Tip para sa Mga Customer

- Subukang huwag dumating nang masyadong maaga para sa iyong appointment. Kung makakarating ka nang maaga, isaalang-alang ang paglalakad-lakad para maiwasan ang pagdami ng tao.
- Palaging magsuot ng pantakip sa mukha. Gumamit ng pantakip sa mukha na may mga ear-loop para maiwasang makaabala ang iyong mask sa iyong mga serbisyo.
- Umiwas sa hindi kinakailangang pag-uusap kung nagsasagawa ka ng serbisyong nangangailangan ng pag-aalis ng iyong pantakip sa mukha
- Dapat mong kanselahin/ipaiskedyul ulit ang iyong appointment kung mayroon kang mga sintomas ng Covid-19.

- Isaalang-alang ang paglilimita ng tagal ng igugugol na oras sa mga appointment sa serbisyo sa personal na pangangalaga para mabawasan ang iyong pagkakalantad at ang pagkakalantad ng mga tao sa paligid mo.

Mga Tip para sa Pagpapatakbo sa Mga Outdoor na Espasyo

Ang mga serbisyo ay dapat lang gawin sa mga outdoor na lugar na katuloy o katabi ng isang lisensyadong establisimiyento, alinsunod sa mga direktiba ng estado sa pampublikong kalusugan. Ang Memorandum sa Lupon ng Mga Lisensyado sa Paggugupit at Kosmetolohiya (Board of Barbering and Cosmetology Licensees) ay may mas detalyadong paglalarawan tungkol sa kung anong mga outdoor na espasyo ang maaaring gamitin.

Kasama sa mga katuloy na lugar ang (may mga naaangkop na permit): mga espasyo ng sidewalk sa harap ng iyong negosyo, parklet, paradahan sa tabi ng iyong tindahan, rooftop deck, patio sa likod.

- Ang outdoor na espasyo ay hindi dapat may bakod o parsyal na pinalibutan sa mahigit sa isang bahagi, sa paraang nakakasagabal sa normal na daloy ng hangin.
- Ito ay dapat makatuwirang accessible sa may lisensya ng lisensyadong establisimiyento para bigyang-daan ang paglilinis at pag-disinfect ng mga toll at personal na pamprotektang kagamitan. Halimbawa, madadala mo ba nang ligtas ang isang bowl o tub ng tubig sa tindahan para sa wastong pagtatapon?
- Bantayan nang husto ang mga bagay na posibleng makatalisod. Huwag magsaksak ng extension cord sa isa pang extension cord. Isaalang-alang ang paggamit ng mga cordless na kagamitan. Hindi puwedeng nakalaylay sa ulunan ang mga cord, maliban na lang kung sinusuportahan ang mga ito sa pamamagitan ng iba pang paraan (hal., nakakabit ito sa isang kable). Ang anumang pagbabago sa elebasyon para bigyang-daan ang pagkukuryente sa lupa ay dapat nakakatugon sa mga pamantayan ng Batas para sa Mga American na May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA).
- Mag-alok ng proteksyon laban sa araw. Pinakamahalaga ito sa maiinit na araw. Tingnan ang page ng Cal/OSHA sa karamdaman dahil sa init, nasa ibaba sa mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon ang link.
- Dapat kunin ng mga outdoor na espasyo/istruktura ang lahat ng wastong permit mula sa:
    - Departamento ng Bumbero ng San Francisco
    - Departamento ng Mga Pampublikong Gawain ng San Francisco
    - Programa sa Pinagbabahagiang Espasyo (Shared Spaces) ng San Francisco

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-set up ng iyong outdoor na espasyo, pakibisita ang website ng Shared Spaces ng San Francisco sa https://sf.gov/shared-spaces.

Mga karagdagang kinakailangan para sa mga provider na nag-aalok ng mga serbisyong nangangailangan ng pag-aalis sa mga pantakip sa mukha

Mas mapanganib ang mga personal na serbisyong nangangailangan ng pag-aalis ng kliyente sa kanyang pantakip sa mukha at samakatuwid, dapat gawin ng provider ng personal na serbisyo ang mga sumusunod na pag-iingat:

- Kapag nagbibigay ng mga serbisyong nangangailangan ng pag-aalis ng kliyente sa kanyang

pantakip sa mukha, dapat magsuot ng proteksyon sa mata ang mga provider tulad ng face shield o goggles **at** walang vent na N95 mask.

- Lubos na inirerekomendang magsuot ang mga provider ng proteksyon sa mata kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa bandang ulo o leeg, o kung nasa loob ng tatlong talampakan ang provider mula sa kliyente sa loob ng mahigit 15 minuto.
- Mag-alok ng tisyu o bimpo sa iyong kliyente habang nakaalis ang kanyang pantakip sa mukha kung sakaling kailangan niyang bumahing o umubo.

Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga nail service at massage service

Nagbibigay ang Cal/OSHA ng mga karagdagang kinakailangan at gabay para sa mga massage service para sa mga setting na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan at mga nail service, at kasama rito ang mga tip sa ibaba.

Mga Massage Therapist (sa mga setting na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan)

- Hilingin sa kliyente na maglinis ng kamay gamit ang hand sanitizer bago ang serbisyo.
- Hindi pinapayagan ang mga facial massage kung kakailanganin dito na aalisin ng iyong kliyente ang kanyang takip sa mukha.
- Ang mga harang gaya ng washable na sapin at punda ay hindi pamalit sa mga protokol sa paglilinis at pag-disinfect. Ang mga mesa at upuan para sa pagmamasahe ay dapat i-disinfect nang wasto pagkatapos ng bawat kliyente.
- Ang mga hand treatment ay dapat ibigay bilang huling bahagi ng masahe at dapat hugasan ang mga kamay kaagad pagkatapos ng masahe.
- **Posible** kang magsagawa ng mga outcall kung mayroon kang Permit sa Outcall Massage.

Mga Nail Service

- Hilingin sa kliyente na maglinis ng kamay gamit ang hand sanitizer bago ang serbisyo.
- Dapat i-disinfect ang mga portable na tub/bowl gamit ang isang nakarehistro sa Ahensya sa Pagprotekta sa Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) na likidong disinfectant na naka-label bilang bactericide, fungicide, at virucide. Dapat itapon nang wasto ang lahat ng tubig sa loob. Huwag gamitin ang daluyan ng tubig-ulan para pagtapunan ng anumang maruming tubig o iba pang basura.
- Gumamit ng mga disposable na tool hangga't maaari. Dapat itapon ang lahat ng disposable na gamit sa isang may plastic at may takip na basurahan.
- Huwag payagan ang mga kliyenteng kumuha ng maraming serbisyo nang sabay-sabay, gaya ng manicure at pedicure.
- Dapat magsuot ang lahat ng provider ng pantakip sa mukha o respirator kapag kinakailangan.
- Ang lahat ng nail provider ay dapat magsuot ng mga disposable na guwantes sa oras ng serbisyo at habang nililinis at dini-disinfect ang lahat ng kagamitan at surface pagkatapos ng bawat kliyente.

Mga Madalas Itanong

Q. Kinakailangan ba ang mga guwantes?

A. Kinakailangan sa esthetic, pangangalaga sa balat, cosmetology, at mga nail service ang pagsusuot

ng mga guwantes sa buong serbisyo at habang naglilinis ng mga tool sa pag-disinfect. Kung posible, maglaan ng guwantes na hindi gawa sa latex para sa mga customer o tauhang may allergy sa latex. Ang pagsusuot ng guwantes ay hindi pamalit sa paghuhugas ng kamay.

Q. Maaari bang gamitin ng mga kliyente ang banyo sa loob?

A. Oo, maaaring pumasok ang iyong kliyente para gamitin ang banyo.

Q. Masyadong mahirap ipasok at ilabas ang aking Barber/Salon chair. Maaari ba akong gumamit ng anumang upuan o bangko?

A. Isaalang-alang ang kaligtasan at ginhawa para sa iyo at para sa iyong kliyente. Nakakatugon dapat ang lahat ng kagamitan sa mga pamantayan ng Cal/OSHA.

Kadalasan akong nagdadala ng sarili kong gamit/polish sa aking mga nail appointment; maaari ko ba itong gawin?

A. Hindi, hindi sa ngayon.

Q. Ligtas ba para sa akin na magpamasahe o magpagupit?

A. Ang anumang aktibidad na nasa loob ng anim na talampakang layo mula sa mga indibidwal na hindi kasama sa iyong sambahayan, ay may kaakibat na mas mataas na panganib ng transmisyon ng COVID-19. Maaari mong mapababa ang panganib na iyon sa pamamagitan ng pagiging maingat sa iyong personal na kalinisan, pagsusuot ng pantakip sa mukha, at pagpunta sa provider ng serbisyo na ganap na sumusunod sa mga pag-iingat na pangkalusugan at pangkaligtasan.

Q. Makakapagsagawa ba ako ng serbisyo kung saan kailangang alisin ng customer ang kanyang mask?

A. Pinapahintulutan ang mga facial, waxing, at mga pag-trim ng balbas sa ngayon. Kinakailangang magsuot ang mga provider ng proteksyon sa mata at N95 respirator (mask).

Q. Paano ko itatabi ang mga pinaggupitan?

A. Maging mabuting kapitbahay. Mag-ingat sa pagtatabi ng mga pinaggupitan para maiwasan ang pagpunta ng buhok sa direksyon ng iyong kapitbahay. Magwalis o mag-vacuum nang madalas. Dapat kolektahin ang mga pinaggupitan at dapat itabi ang mga ito sa isang may takip na lagayan. Sumunod sa mga regular na protokol sa pagtatapon ng basura.

Q. Isa akong May-ari ng Negosyo. Paano ko matitiyak na walang sakit ang Mga Tauhan kapag nagtatrabaho sila?

A. Pakitingnan ang gabay ng SFDPH tungkol sa Asking COVID-19 Screening Questions (Pagtatanong para sa Pag-screen para sa COVID-19) na naka-post sa www.sfcdcp.org/screen.

Q. Paano kung magpopositibo sa pagsusuri para sa COVID-19 ang isang provider ng serbisyo o kliyente?

A. Posibleng maipasa ng mga tao ang virus 48 oras bago pa sila magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19. Maaari pa rin nilang maipasa ang virus kahit na hindi sila magkakaroon ng mga sintomas kahit kailan.

Pakitingnan ang gabay ng SFDPH na Ang Dapat Gawin Kung Mayroong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho.

Dapat magpanatili ang mga provider ng listahan ng Mga Tauhan at Kliyente na makakatulong sa SFDPH para sa contact tracing.

San Francisco Department of Public Health

Mga Tip

Mga Mapagkukunan ng Karagdagang Impormasyon

Makakakuha ka ng mga puwedeng i-print na resource sa Toolkit para sa Covid-19:

Gabay ng Cal/OSHA:

- Gabay sa Mga Outdoor na Personal na Serbisyo at checklist ng Mga Personal na Serbisyo
- Gabay sa Mga Outdoor na Hair Salon at Barber shop at checklist ng Mga Hair Salon at Barber shop
- Gabay sa Pagsasanay sa Pag-iwas sa Karamdaman dahil sa Init

Mga Programa at Permit ng San Francisco:

- Programa na Shared Space
- Mga Permit ng Departamento ng Bumbero
- Mga Permit ng Mga Pampublikong Gawain
- Mga Permit ng Practitioner ng Outcall Massage